# QUARTER 1 WEEK 2

| LESSON EXEMPLAR IN EDUKASYON sa PAGPAPAKATAO | |
|---|---|
| ***Baitang at Pangkat:*** | ***Guro:*** |
| ***Week 2*** | ***Paaralan:*** |
| | |
| ***A. Pamantayang Pangnilalalman*** | Naipamamalas ang pag-unawa sa kahalagahan ng pagkilala sa sarili at pagkakaroon ng disiplina tungo sa pagkakabuklod-buklod o pagkakaisa ng mga kasapi ng tahanan at paaralan |
| ***B. Pamantayan sa Pagganap*** | Naisasagawa nang buong husay ang anumang kakayahan o potensyal at napaglalabanan ang anumang kahinaan |
| ***C. Mga Kasanayan sa Pagkatuto*** | Napahahalagahan ang kasiyahang naidudulot ng pagpapamalas ng kakayahan. |
| ***D. Pinakamahalagang Kasanayan sa Pagkatuto (MELC)*** ***(Kung mayroon, isulat ang Pinakamahalagang Kasanayan sa Pagkatuto o MELC)*** | Napahahalagahan ang saya o tuwang dulot ng pagbabahagi ng anumang kakayahan o talent EsP2PKP- Ic – 9 |
| ***E. Pagpapaganang Kasanayan*** ***(Kung mayron, Isulat ang pagpapaganang kasanayan))*** | |
| ***F. Pagpapayamang Kasanayan*** ***(Kung mayroon, Isulat ang pagpapayamang kasanayan)*** | |
| ***II. NILALAMAN*** | Kakayahan ko, Pahahalagahan ko! |
| ***III. KAGAMITAN PANTURO*** | |
| A. Mga Sanggunian | MELC p.47 CG.p 26, |
| 1. Mga Pahina sa Gabay ng Guro | T.G p2-3 |
| 2. Mga Pahina sa Kagamitang Pang- mag-aaral | LMp. 2-6, , |
| 3. Mga Pahina sa Teksbuk | |
| 4. Karagdagang Kagamitan mula sa | Modyul |

| | |
|---|---|
| Portal ng Learning Resource | |
| B. Listahan ng mga Kagamitang Panturo para sa mga Gawain sa Pagpapaunlad at Pakikipagpalihan | |
| ***IV. PAMAMARAAN*** | |
| A. PANIMULA<br><br>***Alamin*** | Sa araling ito, matututunan mong maging masaya sa pagbabahagi ng iyong mga talento o kakayahan. |
| ***Subukin*** | Tignan ang mga larawan. Lagyan ng ☺ ang patlang kung nagpapakita ito ng kasiyahan sa pagbabahagi ng talento at ☹ naman kung hindi.<br><br>1.  2.  3. <br><br>4  5.  |
| ***Balikan*** | Isulat sa patlang ang TAMA kung ang pangungusap ay naghahayag ng pagkilala sa natatanging kakayahan at MALI kung hindi.<br><br>___________ 1. Si Rhea Anne ay magaling kumanta kaya lagi niyang inaawitan ang kanyang mga magulang.<br><br>___________ 2. Si Benedik ay batang mahilig maglaro ng video games at laging nakakalimot sa kanyang pagkain.<br><br>___________ 3. Magaling sumayaw ang magkapatid na sina Raffy at Angel,lagi silang s sumasali sa mga paligsahan sa pagsayaw.<br><br>___________ 4. Mahilig gumuhit si Divine kaya siya ay naatasan ng kanyang guro para sumali sa poster making contest.<br><br>___________ 5. Sina Emily at Lehnz ay magkaibigan at magaling maglaro ng volleyball. |
| B. Pagpapaunlad<br><br>*Tuklasin* | Basaahin :<br>Ang Paligsahan<br>ni I. M. Gonzales |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>May paligsahan na gaganapin sa Paaralang Elementarya ng San Andres. Ito‟y naglalayong maipakita ang iba‟t ibang kakayahan ng mga mag-aaral. Ibinalita ito ni G. Santos sa kanyang mga mag-aaral at tuwang-tuwa sila. Maipakikita nila ang kanilang kakayahan. “Lalahok ako sa paligsahan ng sayaw,” wika ni Pepay. “Sa pag-awit naman ako sasali,” ayon<br>kay Kaloy. Marami pang mag-aaral ang nagpahayag ng kanilang kagustuhang lumahok. Si Lita ay lalahok sa paligsahan sa pagtula, sina Obet at Pam naman ay sasali sa pagguhit at sina Red at Carla ay lalahok din sa poster making. “Sana manalo tayo,” wika ni Kaloy.<br><br>Anong paligsahan ang gaganapin sa paaralan?<br>Sino-sino ang sasali sa paligsahan?<br>Bakit nais nilang sumali sa mga paligsahan?<br>Ano ang gusto nilang makamit sa pagsali sa paligsahan?</td>
</tr>
<tr>
<td>C. Pakikipagpalihan<br>Pagyamanin</td>
<td>a. Tignan ang larawan at sagutin ang mga tanong.<br><br><br><br><br>1. Bakit binati ng guro ang kanyang mag-aaral?<br><br>______________________________<br><br>2. Sino-sino ang sumali sa paligsahan?<br><br>______________________________<br><br>3. Masaya ka ba para sa kanila?<br><br>______________________________<br><br>B. Basahin nang tahimik ang maikling kuwento. Sagutin ang mga tanong.</td>
</tr>
</table>

Nagkaroon ng palatuntunan sa plaza. Inanyayahan ang mga mag-aaral ng Paaralang Elementarya ng San Andres na ipamalalas ang kanilang mga kakayahan. Sila‟y nagtanghal ng iba‟t ibang bilang tulad ng pagsayaw, pag-awit, pagbigkas ng tula, at pagtugtog ng gitara. Sumayaw si Pepay, umawit si Kaloy habang tumutugtog ng gitara ni Rodel. Bumigkas ng tula si Lita. Sina Red at Carla naman ang gumawa ng poster para sa palatuntunan. Masaya nilang ipinakita ang kanilang kakayahan. Tuwang-tuwa sa kanila ang taga-ugnay ng programa.



1. Paano ipinakita ng mag-aaral ang kanilang talento?

_______________________________________________

2. Ano ang kanilang naramdaman sa pagpapakita ng kanilang kakayahan?

_______________________________________________

3. Paano mo naman ginagamit at pinahahalagahan ang iyong natatanging kakayahan?

_______________________________________________

C.Basahin ang sumusunod na tanong. ang kaukulang hanay. Lagyan ng tsek ang kaukulang hanay.

| | Oo | Hindi |
|---|---|---|
| 1. Kung ikaw ay marunong sa pagguhit, tutulong ka ba sa iba? | | |
| 2. Mayroon kang kakayahan sa pag-awit hihimukin mo ba ang iba sa pag-awit? | | |
| 3. Kung may kakayahan ka sa pagsayaw, gaganap ka lang ba ? | | |
| 4. Alam mong mahusay ka sa larangan ng pag-arte. Susubukan mo bang mag-**audition**? | | |
| 5. May gagawing pagsasanay sa pag-aayos ng bulaklak sa plasa at mahilig ka dito. Lalahok ka ba? | | |

| | |
|---|---|
| | |
| D. Paglalapat | Iguhit ang iyong sarili habang nagpapamalas ng iyong natatanging kakayahan. Sa ibaba ng iyong drowing, sabihin kung paano mo ginagamit ang iyong talento. |
| *Paglalahat* | Ang talento o kakayahan ay higit na mapahahalagahan kung ito ay ginagamit ng may kasiyahan. |
| E. Pagtataya | Iguhit ang masayang mukha ( ☺ ) kung tama ang isinasaad ng pangungusap at malungkot na mukha ( ☹ ) kung mali. Gawin ito sa iyong sagutang papel.<br><br>_________ 1. Masaya ako kapag nakapagtatanghal ako sa aming palatuntunan.<br><br>_______ 2. Ayokong sumali sa mga palatuntunan sapagkat nahihiya akong ipakita ang aking talento.<br><br>_______ 3. Tutulungan kong mapaunlad ang talento ng aking kamag-aaral.<br><br>_______ 4. Pinasasalamatan ko ang mga taong natutuwa sa aking kakayahan.<br><br>_______ 5. Magiging mayabang ako dahil alam kong may natatangi akong talento. |
| | |

| | |
|---|---|
| *V. PAGNINILAY (Reflection on the type of Formative or Assessment Used for the Particular Lesson)* | Kumpletuhin ang bawat pangungusap.<br><br>1. Ang natutuhan ko ngayon ay____________________________________________________<br>__________________________________________________________________________<br><br>2. Nalaman kong______________________________________________________________<br>3. Gusto ko pang malaman_______________________________________________________ |